International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

# INTEGRATING COMICS AS AN INSTRUCTIONAL TOOL IN TEACHING TRANSLATED ASIAN LITERARY WORKS: ITS INFLUENCE ON STUDENTS' ACADEMIC LEARNING IN FILIPINO

**Sarah K. Samama [1*], Armando S. Dardo Jr, EdD[1]**
sarahsamama@sksu.edu.ph, armandodardo@sksu.edu.ph
SULTAN KUDARAT STATE UNIVERSITY

**Abstract**

This research aims to examine the effectiveness of using comics as a supplementary teaching tool in teaching Asian Literature to Grade 9 students at Salabaca National High School. Using an experimental design, two groups of students were compared: an experimental group that used comics and a control group that utilized traditional teaching methods. The study employed complete enumeration in selecting the respondents. Data were gathered through a test evaluated by five Filipino language experts in accordance with DepEd Order No. 001, s. 2021. The results were analyzed using statistical methods to determine the impact of comics on student learning. The findings revealed that the experimental group demonstrated higher levels of comprehension and participation compared to the control group. This indicates that the use of comics can be an effective strategy in literature instruction, as it facilitates understanding and provides a more interactive learning experience. This study supports the use of visual media in education, particularly in the Filipino subject. Comics help simplify complex concepts and engage students in the learning process, making lessons more dynamic and accessible.

**Keywords: Comics,** Experimental design, Student learning, Comprehension, Interactive learning

## INTRODUKSYON

Ang pagtuturo at pagkatuto ay mahahalagang hakbang sa pagbuo ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Upang mapabuti ang pagkatuto, maaaring gumamit ng iba't ibang estratehiya, kabilang ang komiks—isang biswal na midyum na nagpapakita ng impormasyon sa pamamagitan ng larawan at teksto (McCloud, 2000; Eisner, 1996).

Ayon sa DepEd Order No. 73 (2019), mahalaga ang pagbabasa sa paglinang ng pagpapahalaga at kaalaman ng mga mag-aaral. Sa kontekstong ito, layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang epekto ng paggamit ng komiks sa pagtuturo ng panitikang Asyano sa Baitang 9 ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Salabaca.

Nais nitong pahusayin ang akademikong pagkatuto, pakikipag-ugnayan, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan sa pamamagitan ng visual storytelling (Pabellano et al., 2021).

Bagama't maraming pag-aaral ang tumatalakay sa historikal na aspekto ng komiks, kakaunti ang nagsisiyasat sa pedagogical na gamit nito sa pagtuturo ng Panitikang Asyano at Filipino.

Tinugunan ng pananaliksik na ito ang kakulangan ng mga pag-aaral sa paggamit ng komiks bilang pantulong sa pagtuturo. Layunin nitong suriin kung paano ito maaaring maging epektibong kasangkapan sa pagpapataas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sinikap tugunan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan

1. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa komiks bilang kagamitang panturo batay sa mga sumusunod:
    1.1. nilalaman;
    1.2. paggamit ng salita at
    1.3. disenyo at pagkabuo.
2. Ano ang antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral na nahahanay sa kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat batay sa:
    2.1. Paunang pagsusulit; at
    2.2. Panghuling pagsusulit?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral Baitang 9 sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat?
4. Ano ang mean gain score ng mga mag-aaral mula sa kontrolado at eksperimental na pangkat?
5. May makabuluhang ugnayan ba ang antas ng pagtanggap at pangwakas na pagsusulit?
6. Ano ang antas ng pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa pasalita at biswal?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit ng pag-aaral na ito ang eksperimental na disenyo upang suriin ang epekto ng komiks sa pagtuturo ng Panitikang Asyano. Sa pamamagitan ng istatistikal na pagsusuri ng numerical data, sinuri ang pagganap at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Nilalayon nitong matukoy ang epektibong estratehiya sa pagtuturo at makapag-ambag sa diskurso ng makabagong pedagogical na pamamaraan sa edukasyon.

### Respondente

Ang mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Salabaca ang pangunahing respondente ng pananaliksik na ito, na nakatuon sa kanilang hamon sa pag-unawa ng asignaturang Filipino. Alinsunod sa DepEd Order 73, s. 2012, binigyang-diin nito ang pagpapabuti ng pang-unawa at akademikong pagganap sa asignaturang pangwika.Tinukoy rin ng pag-aaral ang epektibong estratehiya at mapagkukunan sa pagtuturo upang mapahusay ang kanilang karanasan sa pag-aaral at pagpapahalaga sa wika at kulturang Filipino.

### Sampling Teknik

Upang makakuha ng impormasyon tungkol sa paksang Komiks sa Pagtuturo ng Saling Akdang Asyano at Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Filipino, ginamit ng mananaliksik ang complete enumeration, isang pamamaraan ng kumpletong pagbibilang ng indibidwal sa isang sampling unit (Thompson, 1998). Pinili ang dalawang seksyon ng Baitang 9 sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Salabaca bilang kinatawan ng pananaliksik. Nagsagawa rin ng pagsusulit upang matiyak ang pagkakapareho ng kakayahan ng mga respondente, isang mahalagang hakbang sa pagtatasa ng bisa ng pag-aaral sa mas maliit na saklaw (Ullah et al., 2023).

**Instrumento ng pag-aaral**

Ang mga materyales sa pagtuturo ng Akdang Asyano ay nakabatay sa komiks na nilikha ng mananaliksik at sinuri ng limang eksperto gamit ang isang evaluation sheet. Ang mga kritiko ay limang gurong may masterado sa Filipino mula sa Dibisyon ng Sultan Kudarat, na pinili ng panel ng pananaliksik. Ang pamantayan sa pagbuo ng komiks ay isinunod sa DepEd Order No. 001 s. 2021.

Upang matiyak ang bisa ng instrumento, isinailalim ito sa pagsusulit na may 80 aytem, at kinumpirma ng limang dalubhasang guro sa Filipino na ito ay epektibo. Bukod dito, isinagawa rin ang paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit, na dumaan sa masusing pagsusuri upang matiyak ang kaangkupan, nilalaman, at anyo ng bawat aytem.

## PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

### Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Komiks Bilang Kagamitang Panturo

Ang talahanayan 1 ay sumasaklaw sa antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng komiks bilang kagamitang panturo, batay sa nilalaman, paggamit ng salita at pagbuo ng disenyo.

**Talahanayan 1. Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Komiks Bilang Kagamitang Panturo.**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 4.86 | 0.15 | Lubos na Tinanggap |
| B. Paggamit ng Salita | 4.76 | 0.25 | Lubos na Tinanggap |
| C. Pagbuo ng Disenyo | 4.44 | 0.43 | Higit na Tinanggap |
| **Kabuoang Mean** | **4.69** | **0.27** | **Lubos na Tinanggap** |

Ayon sa Talahanayan 1, lubos na tinanggap ng mga guro ang komiks bilang kagamitang panturo batay sa nilalaman ($\bar{x}$=4.86), wika ($\bar{x}$=4.76), at disenyo ($\bar{x}$=4.44), na may pangkalahatang mean na ($\bar{x}$=4.69).

Ipinapakita ng datos na epektibong pantulong sa pagtuturo ang komiks dahil sa taglay nitong mahahalagang impormasyon, angkop na wika, at kaaya-ayang disenyo.

### Antas ng Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Paunang Pagsusulit

Ang talahanayang 2 ay nagpapakita ng antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kanilang iskor sa paunang pagsusulit.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

**Talahanayan 2. Antas ng Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat at Eksperimental na Pangkat sa Paunang Pagsusulit**

| Grupo | N | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|
| Kontrolado | 28 | 75.37 | 4.64 | May Pagkasiya-siya |
| Eksperimental | 27 | 75.97 | 3.63 | May Pagkasiya-siya |

Ayon sa paunang pagsusulit, magkatulad ang antas ng akademikong pagkatuto ng eksperimental (mean = 75.97, SD = 3.63) at kontroladong pangkat (mean = 75.37, SD = 4.64), na parehong nasa "May Pagkasiya-siya" na antas.

Ipinapakita nitong magkapareho ang kaalaman ng dalawang grupo bago gamitin ang komiks bilang midyum sa pagtuturo.

**Antas ng Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Panghuling Pagsusulit**

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng pag-unlad sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa kontroladong at eksperimental na pangkat matapos ang interbensyon. Ipinapakita nito ang epekto ng paggamit ng komiks bilang kagamitang panturo sa kanilang pag-unawa.

**Talahanayan 3. Antas ng Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat at Eksperimental na Pangkat sa Panghuling Pagsusulit**

| Grupo | N | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|
| Kontrolado | 28 | 85.60 | 5.37 | Napakasiya-siya |
| Eksperimental | 27 | 89.16 | 6.06 | Napakasiya-siya |

Ang resulta ng huling pagsusulit ay nagpapakita ng mas mataas na mean score sa eksperimental na pangkat (89.16, SD = 6.06) kaysa sa kontroladong pangkat (85.60, SD = 5.37). Pareho silang nasa antas na "Napakasiya-siya," na nangangahulugang nagkaroon ng positibong pag-unlad sa akademikong pagkatuto.

Ipinapakita ng datos na mas epektibo ang paggamit ng komiks kaysa sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Baitang 9**

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng paghahambing ng pagganap ng eksperimental at kontroladong pangkat upang matukoy ang epekto ng komiks sa pagtuturo ng saling-akdang Asyano.

**Talahanayan 4. Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 sa Pagitan ng Kontrolado at Eksperimental na Pangkat.**

**Kontrolado at Eksperimental na Pangkat**

| *Paunang Pagsusulit* | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **SD** | **t** | **P-value** | **t-tabular** |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

| *Panghuling Pagsusulit* | | |
|---|---|---|
| **Ekxperimental** | 89.16 | 6.06 |

Ipinakita ng Talahanayan 4 na walang makabuluhang pagkakaiba sa paunang pagsusulit ng dalawang pangkat (t=.532 < t-tabular=2.006, p<.05), ngunit nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa panghuling pagsusulit (t=2.305 > t-tabular=2.006, p<.05). Ipinapakita nito na mas mataas ang pagkatuto ng eksperimental na pangkat matapos gamitin ang komiks bilang kagamitang panturo.

**Mean Gain Score ng mga Mag-aaral Mula sa Baitang 9**

Ipinakita ng Talahanayan 5 ang mean gain score ng dalawang pangkat batay sa kanilang paunang at panghuling pagsusulit. Inilalarawan nito ang pag-unlad ng kanilang akademikong pagkatuto matapos ang interbensyon..

**Talahanayan 5. *Mean Gain Score* ng mga Mag-aaral Mula sa Kontrolado at Eksperimental na Pangkat**

| **Pangkat** | **Mean Gain Score** | **SD** |
|---|---|---|
| Kontrolado | 10.23 | 4.33 |
| Eksperimental | 13.19 | 3.61 |

Ipinakita ng mean gain score na mas mataas ang pag-unlad ng eksperimental na pangkat (13.19) kumpara sa kontroladong pangkat (10.23). Ipinapakita nito na ang paggamit ng komiks bilang pantulong sa pagtuturo ay may positibong epekto sa pagtaas ng marka ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Ugnayan ng Antas ng Pagtanggap at Panghuling Pagsusulit**

Ang sumusunod na talahanayan 6 ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng komiks bilang isang kagamitan sa pagtuturo at ang mga resulta ng kanilang panghuling na pagsusulit.

**Talahanayan 6. Makabuluhang Ugnayan ng Antas ng Pagtanggap at Panghuling Pagsusulit.**

| | **Panghuling pagsusulit** | |
|---|---|---|
| | **R** | **p-value** |
| **Antas ng pagtanggap** | .278 | .040 |

Ipinakita ng Talahanayan 6 na may mababa ngunit makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng pagtanggap at panghuling pagsusulit (r=0.278, p<.05). Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng pagtanggap, bahagyang tumataas din ang marka ng mga mag-aaral.

**Antas ng pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa Panitikang Asyano**

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

Makikita sa talahanayan 7 ang antas ng pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa aspektong pasalita at biswal, batay sa 9 na indikeytor ng Classroom Observation Tool (COT) na itinakda sa DepEd Order No. 21, s. 2019.

**Talahanayan 7. Antas ng Pamamaraan ng Pagtuturo ng Guro sa Pasalita at Biswal Batay sa Siyam na Indikeytor ng *Classroom Observation tool (COT)* Halaw sa *DepEd Order No. 21,s.2019***

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Ang paggamit ng kaalaman sa nilalaman sa loob at sa iba't ibang larangan ng pagtuturo ng kurikulum. | 6.92 | 0.29 | Napakahusay |
| 2. Ginamit ang iba't ibang estratehiya ng pagtuturo na nagpapabuti sa tagumpay ng mga mag-aaral sa kaalaman sa pagbabasa at pagsulat at numerasya. | 6.92 | 0.29 | Napakahusay |
| 3. Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ng pagtuturo upang mapabuti ang kritikal at malikhaing pag-iisip, pati na rin ang iba pang mas mataas na kasanayan sa pag-iisip. | 6.92 | 0.29 | Napakahusay |
| 4. Ang pagpapakita ng mahusay na paggamit ng katutubong wika, Filipino, at Ingles upang mapadali ang pagtuturo at pag-aaral. | 7.00 | 0.00 | Napakahusay |
| 5. Ang pagtatatag ng ligtas at secure na kapaligiran ng pag-aaral upang mapabuti ang pag-aaral sa pamamagitan ng patuloy na pagpapatupad ng mga patakaran, mga patnubay, at mga proseso. | 6.58 | 0.51 | Napakahusay |
| 6. Ang pagpapanatili ng kapaligiran ng pag-aaral na nagtataguyod ng katarungan, respeto, at pagmamahal upang hikayatin ang pag-aaral. | 7.00 | 0.00 | Napakahusay |
| 7. Ang establishment ng isang kultura ng pag-aaral na nakasentro sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiya ng pagtuturo na nakaugalingon sa mga likas na wika, kultura, katayuan sa lipunan, at relihiyon ng mga mag-aaral. | 7.00 | 0.00 | Napakahusay |
| 8. Ang pag-aangkop at paggamit ng mga estratehiya ng pagtuturo na angkop sa kultura upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa mga katutubong grupo. | 6.83 | 0.39 | Napakahusay |
| 9. Ang pagturing ng mga estratehiya para sa ibinigay na tamang oras, tama, at konstruktibong feedback para mahusay na mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral. | 6.92 | 0.29 | Napakahusay |
| **Section Mean and SD** | **6.90** | **0.09** | **Napakahusay** |

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

Ipinapakita ng Talahanayan 6 na ang pamamaraan ng pagtuturo ng guro sa pasalita at biswal ay nasa mataas na antas, na may kabuuang mean score na 6.90 at SD na 0.09. Ang guro ay may "Napakahusay" na pagganap sa paggamit ng kaalaman sa nilalaman, iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, mahusay na paggamit ng wika, at paglikha ng ligtas na kapaligiran sa pag-aaral.

Ang resulta ay nagpapakita na ang paggamit ng komiks bilang kagamitang panturo ay epektibo sa pagpapabuti ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa paksa. Ipinapakita rin nito na ang guro ay may respeto sa kultura ng mga mag-aaral at mahusay na gumagamit ng kanilang katutubong wika.

**Buod**

Layunin ng pananaliksik na ito na sukatin ang epekto ng paggamit ng komiks sa pagtuturo ng saling-akdang Asyano sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Sa paghahanap ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, ginamit ang komiks upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Isinagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng Baitang 9 sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Salabaca gamit ang eksperimental na disenyo.

Dalawang grupo ang inilahok: ang kontroladong pangkat na gumamit ng tradisyonal na pamamaraan at ang eksperimental na pangkat na ginamit ang komiks. Sinuri ang epekto ng interbensyon gamit ang pre-test, post-test, at istatistikal na tritment (t-test, mean, at percentage). Lumabas sa resulta na positibo ang pagtanggap ng mga guro sa paggamit ng komiks, na may kabuuang mean na 4.69.

Bago ang interbensyon, halos magkapareho ang antas ng akademikong pagkatuto ng dalawang pangkat (kontrolado: $\bar{x} = 75.37$, SD = 4.64; eksperimental: $\bar{x} = 75.97$, SD = 3.63). Matapos ang interbensyon, tumaas ang marka ng parehong pangkat, ngunit mas mataas sa eksperimental (kontrolado: $\bar{x} = 85.60$, SD = 5.37; eksperimental: $\bar{x} = 89.16$, SD = 6.06). May makabuluhang pagkakaiba sa panghuling pagsusulit ($t = 2.305 >$ t-tabular $= 2.006$, $p < .05$), na nagpapakita ng mas mataas na pagkatuto sa eksperimental na pangkat.

Bukod dito, mas mataas ang mean gain score ng eksperimental na pangkat ($\bar{x} = 13.19$) kumpara sa kontrolado ($\bar{x} = 10.23$), na nagpapatunay na epektibo ang paggamit ng komiks sa pagpapataas ng kaalaman sa Filipino. Natukoy rin ang ugnayan ($r = 0.278$, $p < .05$) sa pagitan ng pagtanggap ng guro sa komiks at pagkatuto ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakita ng pananaliksik na ang komiks ay epektibong kasangkapan sa pagtuturo, na may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Natuklasan sa resulta ng pananaliksik na lubos na tinanggap ng mga guro ang komiks bilang isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo. Naniniwala silang maaaring mapadali ng komiks ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino dahil sa angkop na nilalaman, malinaw na paggamit ng wika, at kaaya-ayang disenyo.

Mahihinuha mula sa pagsusuri ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral na bago isinagawa ang interbensyon, halos magkapareho lamang ang antas ng kaalaman ng kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat. Ipinapakita nito na sa simula pa lamang, magkatulad ang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

antas ng kahandaan sa pagkatuto ng dalawang grupo. Makikita na matapos gamitin ang komiks sa pagtuturo, mas mataas ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat kumpara sa kontroladong pangkat.

Bukod dito, mas marami sa kanila ang nakamit ang mas mataas na antas ng pagganap. Patunay ito na may positibong epekto ang paggamit ng komiks sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Maliwanag din na ipinakita sa datos na matapos ang interbensyon, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng dalawang pangkat. Ang eksperimental na pangkat na gumamit ng komiks ay nagpakita ng mas mataas na antas ng akademikong pagganap kumpara sa kontroladong pangkat.

Ipinapakita rin sa resulta na ang paggamit ng komiks ay nagdulot ng mas mataas na antas ng kaalaman sa mga mag-aaral. Ang eksperimental na pangkat ay nagpakita ng mas mataas na pag-unlad sa kanilang akademikong pagganap kaysa sa kontroladong pangkat.

Sa kabuoan, ipinapakita ng pananaliksik na may positibong epekto ang paggamit ng komiks sa pagtuturo ng saling-akdang Asyano. Pinapatunayan ng pag-aaral na ang paggamit ng biswal at interaktibong materyales ay maaaring magpataas.

**SANGGUNIAN**

Aguila, S. R. D.R. (2017). Pagsusuri sa mga obra maestrang isina-komiks: Tungo sa pagbuo ng pamantayan na kagamitan sa antas Sekundarya. Alipato Journal UPD. Manila. Press.

Ahsanah, F.,Utomo, D.,Putri, T. (2020). The Use of Digital Comic in Developing Student's English Competence. IDEAS: Journal on English Language Teaching and Learning, Linguistics and Literature, [S.l.], v. 8, n. 2, p. 373-383, dec.2020. ISSN 2548-4192. https://ejournal.iainpalopo.ac.id/index.php/ideas/article/view/1660>.

Andi Asri Jumiaty. (2023). Students literal reading comprehension in term of main idea using manga comic. International Journal of English Language and Pedagogy, 1(1), 89–99. https://doi.org/10.33830/ijelp.v1i1.5070.

Buduan, Ashley Joy & Falcasantos, Andrey James & Dohiling, Ina & Hamis, Atieraadzri & Diacor, Wilmer & Arquiza, Charmagne & Manalo, Marianeaizel. (2023). Exploring the Factors that Influence the Students' Learning in the Filipino Subject: Basis for Creating of Children's Communication Primer. International Journal of Early Childhood Education. 15. 234-243. 10.48047/INTJECSE/V15I5.29.

Barter-Storm, B., Wik, T.(2020). Using social justice graphic novels in the ELL classroom. 2020Volume 11, https://doi.org/10.1002/tesj.551.

Badis, R. (2023).The Role Of Using Comic Books In Enhancing Efl Learners' Speaking Skills: The Case Of First Year Middle School Pupils At Allouch Ameur Middle School, url.https://dspace.univba.dz:443/xmlui/handle/123456789/4337

Boote DN, Beile P (2006). On "literature reviews of, and for, educational research": a response to the critique by Joseph Maxwell. Educ. Res. 35(9):32-35.]

Daza, Jennilyn. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya.

Darnhofer, I. (2018). Using Comic-Style Posters for Engaging Participants and for Promoting Researcher Reflexivity. International Journal of Qualitative Methods, 17(1). https://doi.org/10.1177/1609406918804716.

Ebel, Robert. (1972). Essential Educational Measurements. Prentice Hall, Inc. Englewood, Cliff. New York.

Eisner, J. M. (1996). An empirical comparison of probability models for dependency grammar (Technical Report No. IRCS-96-11). Institute for Research in Cognitive Science, University of Pennsylvania.

Laible, Deborah & Thompson, Ross. (1998). Attachment and emotional understanding in preschool. Developmental psychology. 34. 1038-45. 10.1037//0012-1649.34.5.1038.

Latorre, J., Carada, I. (2021). Panitikan Ng Mauban Sa Pagtuturo Ng Komunikasyon At Pagpapayaman Ng Talasalitaan. American Journal of Humanities and Social Sciences, 5(8).e-ISSN : 2378-703X.

López-Medina, Beatriz. (2021). López-Medina, B. (2021). On the Development of a CLIL Textbook Evaluation Checklist: A Focus Group Study. Teaching English as a Second Language Electronic Journal (TESL-EJ), 25(1).. 25.

Matammu, C.M.(2022). Development And Validation Of An Achievement Test In Filipino For Tertiary Level.International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(1) .

McCloud, S. (2000). Reinventing comics. Paradox Press.

Nispa,D. (2020). The Use Of Comic Strips To Improve Students' Reading Comprehension. Datokarama English Education Journal.State IslamicUniversity.DOI:https://doi.org/10.24239/dee.v4i1.66

Purnama, Yulian & Asdlori, Asdlori. (2023). The Role of Social Media in Students' Social Perception and Interaction: Implications for Learning and Education. Technology and Society Perspectives (TACIT). 1. 45-55. 10.61100/tacit.v1i2.50.

Ranti, T., Purnama, Gatot, S., Dewi, M. (2023). The Effect of Comic Strips towards Students' Reading Comprehension. Journal of Language, Literature, and English Teaching(JULIET), 4(1) (2023)p-ISSN 2746-0312e-ISSN 2745-522xhttps://ojs.umrah.ac.id/index.php/juliet3.

Reeves, T. & Hedberg, J. (2003). Interactive learning systems evaluation. Englewood Cliffs, New Jersey: Educational Technology Publications

Reyes, S. (2009). The Komiks and Retelling the Lore of the Folk. Philippine Studies, 57(3),389–417. http://www.jstor.org/stable/42634017.

Roffe, I. (2002). E-learning: Engagement, enhancement and execution. Quality Assurance in Education, Vol. 10, No. 1.

Rose, G. (2022). Visual methodologies: An introduction to researching with visual materials. Visual methodologies, 1-100.

Saul, J., Capiz, J., Milan, K. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal. Vol. 7 No.1.

Seretse, Mogogi & Chukwuere, Joshua & Lubbe, Sam & Klopper, Rembrandt. (2018). Problems around Accessing Information in Rural Communities. Alternation: Interdisciplinary

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 66-75

Journal for the Study of the Arts and Humanities in Southern Africa. 25. 214-244. 10.29086/2519-5476/2018/v25n1a10.

Ullah, S., Nobanee, H., & Kemal, M. A. (2023). Corporate governance and default probability: The moderating role of bank's efficiency. Cogent Economics & Finance, 11(2), 2266318.

Van T. T. M. (2009). The relevance of literary analysis to teaching literature in the EFL classroom. English Teaching Forum, 47(3), 2-9. Retrieved from https://eric.ed.gov/?id=EJ9234544

Quirore, L., Madula, R. (2019). 2019 Tayo na sa Wika'Skwela: Ang Papel ng Sining sa ng Wikang Filipino ng mga Bata at Kabataang Pilipino sa Venezia, Italya.

Wang, R. (2019). Comics Art in China, by John A. Lent and Xu Ying. Asian Journal of Social Science, 47(1), 160-162. https://doi.org/10.1163/15685314-04701012.

Yanto, E., & Umah, S. (2023). Vocational Students' Engagement in Digital Comic Strip Assisted Reading Comprehension. Jurnal Ilmiah Wahana Pendidikan, 9(2), 133-152. https://doi.org/10.5281/zenodo.7567323.